Paraan ng Paggamit ng Hazard Map

Ang hazard map sa pagbaha ay nagpapakita ng impormasyon sa mga lugar na inaasahan ang pagbaha dahil sa pag-apaw ng mga ilog, at sa mga lugar na paglilikasan, atbp., upang maaayos na makalikas ang lahat. Sa normal na mga panahon, suriin ang mga panganib sa iyong lugar, kung saan makakakuha ng impormasyon, at kung paano lilikas; kung may panganib ng sakuna, lumikas mula sa lugar na mapanganib sa lalong madaling panahon. Sa panahon ng pananalasa ng baha dahil sa malakas na ulan, maaaring may panganib ng pagguho ng lupa sa ruta ng paglikas. Tingnan din ang hazard map sa pagguho ng lupa. Tingnan din ang hazard map sa pagbugso ng bagyo bilang paghahanda sa bagyo.

Regular na makipag-usap sa iyong pamilya

Importante ang paghahanda bago pa man mangyari ang sakuna tulad ng pagbaha dulot ng malakas na ulan upang maiwasan ang pagkasindak at makakilos nang tama sa kritikal na panahon. Regular na makipag-ugnayan sa pamilya at sa lugar tungkol sa paghahanda sa sakuna at pagkilos sa panahon ng sakuna.

1 Suriin ang lokasyon ng iyong tahanan at mga lugar na paglilikasan.

Suriin ang lokasyon ng iyong tahanan at mga lugar na paglilikasan sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga lokasyon ng mga pambansa at prefectural na daanan, mga paaralan at pampublikong pasilidad.

2 Kumpirmahin ang lugar na mapanganib sa panahon ng malakas na pag-ulan.

Kumpirmahin ang lugar na mapanganib sa panahon ng malakas na pag-ulan tulad ng lagusan ng tubig at tulay sa paligid ng

3 Iwasan ang mapanganib na lugar at itakda ang ruta sa paglikas.

Iwasan ang nakumpirmang lugar na mapanganib sa panahon ng malakas na pag-ulan sa 2 at itakda ang ruta sa paglikas.



4 Aktwal na suriin ang ruta ng paglikas para matiyak ang kaligtasan.

Aktwal na lumakad rito habang nakikipag-ugnayan sa pamilya at lugar. Kapag mayroong lugar na mapanganib sa ruta sa paglikas, pag-isipan muli ang ruta sa paglikas.

5 Ihanda ang Mga Supply na Pang-emergency.

Sumangguni sa mga nakatalang "Materyales para sa Emergency na Paglikas" sa kanan at ihanda ang mga dadalhin.

6 Magsulat sa Talaan ng Pamilya sa Pag-iwas sa Sakuna.

Regular na kumpirmahin ang nakatakdang pang-emergency na mga lugar na paglilikasan at nakatakdang mga lugar na paglilikasan at isulat sa "Talaan ng Pamilya sa Pag-iwas sa Sakuna" sa kanan.
Isulat ang contact information ng mga kapamilya, kakilala, kamag-anak, at iba para sa pagkumpirma ng kanilang kaligtasan.

Kung saan makakuha ng impormasyon

Sa kritikal na panahon, magkusang alamin ang impormasyon tungkol sa panahon at paglikas mula sa telebisyon, radyo, at iba pa. Maaari ring may pagbabago tungkol sa nakasaad na mga pasilidad sa paglikas sa hazard map mula noong ginawa ito kaya kumpirmahin ang pinakabagong impormasyon sa website o aplikasyon sa pag-iwas sa sakuna ng Lungsod ng Nishio. Hangga't maari ay hanapin ang impormasyon sa karaniwang panahon.

Kumuha ng impormasyon

Piliin at kunin ang impormasyon.

Radyo sa Pag-iwas sa Sakuna

Nagbibigay impormasyon at anunsyo tungkol sa impormasyon ng sakuna at paglikas gamit ang mga speaker sa buong lungsod.



Internet

Ibibigay ang impormasyon sa pagsisikap sa pag-iwas sa sakuna ng lungsod, impormasyon sa sakuna, at impormasyon sa pag-iwas sa sakuna mula sa mga website ng bawat organisasyon.

Pagbrodkast sa Telebisyon at Radyo

Nag-aanunsiyo ng impormasyon ng emergency broadcast at nakasulat na impormasyon sa pamamagitan ng telebisyon at radyo.
Bukod pa rito, maaari ring kumpirmahin ang impormasyon sa pag-iwas sa sakuna na inilalabas ng pamahalaan sa panahon ng sakuna sa pamamagitan ng data broadcast ng terrestrial digital. Pindutin ang "d" button (data ng pag-broadcast) sa iyong remote control ng telebisyon.

Website ng Lungsod ng Nishio
https://www.city.nishio.aichi.jp/

Twitter ng Lungsod ng Nishio
https://twitter.com/nishio_city

Facebook ng Lungsod ng Nishio
https://www.facebook.com/kohonishio/

Opisyal na LINE Account ng Lungsod ng Nishio
@nishiocity

Website ng Kagawaran sa Pag-iwas sa Sakuna at Kaligtasan ng Aichi Prefecture
https://www.pref.aichi.jp/bousai/

Nagoya Local Meteorological Observatory
https://www.jma-net.go.jp/nagoya/

Ministry of Land, Infrastructure, Transport and Tourism Disaster Information for River
https://www.river.go.jp/

Aichi Prefecture Disaster Information for River
https://www.kasen-aichi.jp/

Aplikasyon sa Pag-iwas sa Sakuna at Mail sa Pag-iwas sa Sakuna ng Lungsod ng Nishio

Ibinabahagi ang aplikasyon para sa smartphone na pinagsasama-sama ang impormasyon sa pag-iwas sa sakuna ng Lungsod ng Nishio (kailangan i-download). Maaaring kumpirmahin ang nilalaman ng broadcast ng wireless-activated na sistema ng babala sa sakuna, mga lugar na paglilikasan, hazard map, at iba pa.
Maaari ring kumpirmahin ang nilalaman ng broadcast ng wireless-activated na sistema ng babala sa sakuna sa email. (Kailangan ang pre-registration)

App sa Pag-iwas sa Sakuna

iPhone | Android

QR code sa pag-download ng aplikasyon

Mail sa Pag-iwas sa Sakuna

bousai.nishio-city2
@raiden2.ktaiwork.jp

Email address at QR code para magparehistro

Telephonse service ng wireless-activated na sistema ng babala sa sakuna

Maaari mong suriin ang mga brodkast mula sa Radyo sa Pag-iwas sa Sakuna gamit ang telepono.
Gamitin ang numero ng telepono sa ibaba para suriin ang impormasyon.

☎ **0120-96-8111** (Libreng tawag)

Emergency warning email

Gamitin ang function ng "area email", "emergency warning email" sa cellphone, at awtomatikong matatanggap sa cellphone sa Lungsod ng Nishio ang impormasyon sa paglikas tulad ng utos sa paglisan at iba pang emergency information.
Para sa paraan ng pagtanggap ng impormasyon, sumangguni sa website ng kompanya ng cellphone na iyong.

Sasakyan ng Pampublikong Impormasyon

Ipinapadala ito sa panahon ng sakuna at gumagamit ng loudspeaker para makakuha ng atensyon.

Daloy ng Pagpapadala ng Impormasyon

Ang impormasyon ay ina-anunsiyo sa pamamagitan ng email, Twitter, wireless-activated na sistema ng babala sa sakuna at aplikasyon mula sa Japan Meteorological Agency at Lungsod ng Nishio kapag inaasahan ang pagkakaroon ng sakuna.

Lungsod ng Nishio
- Gumawa ng mga pang-emergency na hakbang sa kaligtasan
- Mga tagubilin sa paglikas
- Paglikas ng mga nakatatanda at iba pa.

Impormasyon sa Lagay ng Panahon

→ Radyo sa Pag-iwas sa Sakuna
→ App sa Pag-iwas sa Sakuna at Mail sa Pag-iwas sa Sakuna ng Lungsod ng Nishio
→ Emergency warning email (Area Mail)
→ Website, Twitter, Facebook, Opisyal na LINE Account
→ Pampublikong anunsyo ng sasakyan ng pampublikong impormasyon ng lungsod at yunit ng mga bumbero
→ Pag-uulat ng media (TV, radyo, atbp.)

→ **Lahat ng mamamayan**

Nilalaman ng Impormasyon na Iaanunsiyo

Lumikas ang lahat kapag 4 ang Antas ng Babala!

Antas ng babala	Aksyong ginawa ng mga mamamayan	Lungsod ng Nishio	Ahensya ng Meteorolohiya ng Japan, atbp.
		*Impormasyon na magpapahiwatig sa lahat ng mamamayan na kumilos	*Impormasyon mula sa Ahensya ng Meteorolohiya ng Japan, atbp. na naaayon sa antas ng babala
5	**Para sa mga taong hindi pa nakakalikas mula sa mapanganib na lugar, gawin ang pinakamainam na pagkilos para protektahan ang buhay.** Nakamamatay ang sitwasyong ito. Kung nahuli ka sa paglikas mula sa sakuna, tiyakin ang sarili mong kaligtasan at kumilos para protektahan ang iyong sarili	**Gumawa ng mga pang-emergency na hakbang sa kaligtasan** Naganap na ang sakuna at paparating na ang sakuna Manatiling ligtas at protektahan ang iyong sarili sa panganib	**Espesyal na Babala sa Malakas na Ulan**
4	**Tapusin ang paglikas sa lahat mula sa mapanganib na lugar** ■Tapusin ang iyong paglikas bago pa maging mahirap ang paglikas dahil sa malalakas na hangin at binahang mga daan, atbp. ■Alinman sa paglikas kaagad patungo sa lugar na paglilikasan o sa isang ligtas na lugar o pagtiyak sa kaligtasan sa pamamagitan ng pananatili sa loob ng bahay. ■Sa mga sitwasyon kung saan ang paglabas sa bahay, atbp. ay magsasapanganib ng iyong buhay, lumikas patungo sa isang ligtas na lugar sa malapit o manatili sa mas ligtas na puwesto sa iyong sariling bahay. ■Magtulungan sa paglikas	**Mga tagubilin sa paglikas** Sitwasyon kung saan nagaganap ang lumalaking panganib ng pagwasak at pinsala Sitwasyon kung saan nagawa na ng lahat ang paglikas	**Babalang impormasyon sa pagguho ng lupa**
3	**Dapat umalis kaagad mula sa mapanganib na lugar ang matatanda** ■ Maghanda upang madaling makalikas kahit kailan ■ Kumuha ng tamang impormasyon ■ Simulan ang paglikas ng mga nakatatanda at mga may kapansanan sa katawan ■ Sa mga nakatira sa mga lugar na may babala ng sakuna ng pagguho ng lupa at lugar na malapit sa ilog na may posibilidad ng biglaang pagtaas ng antas ng tubig, simulan kaagad ang paglikas kapag tapos na ang paghahanda sa paglikas.	**Paglikas ng mga nakatatanda at iba pa** Sitwasyon kung saan nagaganap na ang panganib ng pagwasak at pinsala Sitwasyon kung saan sisimulang ilikas ang mga tao na nangangailangan ng panahon sa paglikas	**Babala ng malakas ng pag-ulan Babala ng pagbaha**

Impormasyon na ina-anunsiyo bilang babala sa pagbaha ng nakatakdang taas ng ilog



Impormasyon sa pagkaroon ng baha	Impormasyon na ina-anunsiyo kapag nagkaroon ng pag-apaw.
Impormasyon sa panganib ng baha (Taas ng tubig na may panganib ng baha)	Kapag mabilis na tumaas ang tubig at malapit nang lumampas sa mapanganib na taas nito, at inaasahang tataas pa. O kapag naabot na ang mapanganib na taas ng tubig.
Impormasyon sa pag-iingat sa baha (Taas ng tubig na ipinasyang batayan para lumisan)	Kapag inaasahang aabot ang tubig sa mapanganib na taas pagkatapos ng isang tiyak na tagal ng panahon, o kapag umabot na ang tubig sa taas na magbibigay ng babala ng paglikas at inaasahan pa ang pagtaas.
Impormasyon sa payo na mag-ingat sa baha (Taas ng tubig para mag-ingat sa baha)	Impormasyon na ina-anunsiyo kapag umabot na sa Taas ng tubig para mag-ingat sa baha at inaasahang tataas pa ang tubig.

Impormasyon ng Rekord ng Maikling Malakas na Pag-ulan

Impormasyon na ina-anunsiyo sa sitwasyon na may pag-anunsiyo ng babala ng malakas na pag-ulan at kapag na-obserbahan ang record-setting na malakas na pag-ulan sa maikling panahon na isang beses lang mangyari sa loob ng ilang taon.

Impormasyon sa lagay ng panahon tungkol sa malakas na pagbuhos ng ulan

Ibinibigay ang impormasyong ito kapag naganap ang isang linear precipitation zone (isang sitwasyon kung saan ang labis na matinding pag-ulan ay patuloy na bumabagsak sa parehong lugar dahil sa isang linear shaped zone ng pagbuhos ng ulan) sa panahon ng biglaang pagtaas ng panganib ng sakuna dahil sa malakas na pagbuhos ng ulan.

Talaan ng Pamilya sa Pag-iwas sa Sakuna / Mga Supply na Pang-emergency

Tagpuan

Bawat sakuna	Tagpuan	Contact information (pangunahing opsyon)	Contact information (ikalawang opsyon)

Pamilya o iba pang impormasyon sa pagkontak

Pangalan	Numero ng telepono	Email address

*Ilagay din ang mga kamag-anak at kakilalang nakitara sa lugar na hindi nagbabaha.

Mga Supply na Pang-emergency (halimbawa)

- ☐ Inumin
- ☐ Pagkain (preserved na pagkain, kendi, tsokolate, at iba pa)
- ☐ Panulat, notebook
- ☐ Damit na panloob, medyas
- ☐ Mahalagang bagay (pera, health insurance card, at iba pa)
- ☐ Tissue paper Toilet paper
- ☐ Portable radio
- ☐ Flashlight
- ☐ Sapatos
- ☐ Guwantes
- ☐ Gamit na pang-ulan
- ☐ Towel
- ☐ Blanket at sleeping bag
- ☐ Gamot, pills, mask
- ☐ Backpack
- ☐ Helmet
- ☐ Hazard map
- ☐ Mask, thermometer

Telepono para sa Mensahe ng Sakuna

Disaster Message Phone 171

Maaari mong kumpirmahin ang iyong kaligtasan at lokasyon ng paglikas sa pamamagitan ng mensaheng boses.

1 7 1
Maririnig ang gabay sa pag-dial

Kapag magrerecord ng mensahe → 1 → (○○○○)□□-□□□□ → **Mag-record ng mensahe**

Para sa mga nasa lugar ng sakuna, ilagay ang numero ng telepono ng bahay. Para sa mga nasa lugar maliban sa lugar ng sakuna, ilagay ang telepono ng taong nasa lugar ng sakuna simula sa area code."

Kapag ipe-play ang mensahe → 2 → (○○○○)□□-□□□□ → **Pakinggan ang mensahe**

Disaster Emergency Message Board

Maaari kang mag-iwan ng mensahe mula sa iyong cell phone sa nakatalagang site ng board ng mensahe.

NTT Docomo	KDDI:au	Softbank
http://dengon.docomo.ne.jp/top.cgi	http://dengon.ezweb.ne.jp/	http://dengon.softbank.ne.jp/

Paghahanda sa paglikas at sistema kapag nagkaroon ng pagbaha

Mga dapat tandaan sa paglikas

Palaging ayusin ang kailangang gamit sa paglikas at pag-usapan ang proseso ng paglikas bilang paghahanda sa kritikal na panahon. Bukod pa rito, kapag inaasahang magkakaroon ng sakuna, alamin ang tamang impormasyon at lumikas sa lalong madaling panahon.

Mabilis na lumikas depende sa sitwasyon
Kahit walang inianunsyong impormasyon sa paglikas, dapat kang lumikas nang kusa batay sa iyong pagsusuri ng sitwasyon at iba pang dahilan.

Dalhin ang iyong tala sa pag-iwas sa sakuna
Maghanda ng tala ng pag-iwas sa sakuna na mayroon ng iyong address, pangalan, at impormasyon sa pakikipag-ugnayan, at lumikas kasama ito sa iyong katawan.

Bawasan ang dami ng mga bagay na dadalhin mo
Mag-empake ng mga supply na pang-emergency sa isang backpack para malaya ang parehong kamay.

Mag-iwan ng tala ng pakikipag-ugnayan para sa iyong pamilya
Mag-iwan ng tala para sa mga miyembro ng pamilya na nasa labas ng bahay, gaya ng kung saan ka pupunta para lumikas.

Tulungan ang bawat isa
Iwasan ang paglakad nang mag-isa at lumikas sa nakatakdang lugar nang nakagrupo kasama ang mga kapitbahay.

Paglikas gamit ang ligtas na ruta
Iwasan ang tabing-ilog, underpass, at iba pa, at hangga't maaari ay piliin ang ligtas at malawak na daanan.

Sundin ang mga tagubilin sa lugar na paglilikasan
Kapag dumating ka sa lugar na paglilikasan, sundin ang mga tagubilin ng taong nangangasiwa at iulat ang iyong pangalan at address.

Tungkol sa pag-apaw at pagbaha

Umaapaw ang tubig mula sa ilog kapag bumuhos ang malakas na ulan.
Alamin ang mekanismo ng pagkakaroon ng pag-apaw at pagbaha.

Pag-apaw dulot ng inland water (pagbaha ng inland na tubig)
Kapag ang dami ng ulan ay lumagpas sa kapasidad ng drainage facility tulad ng kanal o road gutter at tumaas ang antas ng tubig sa ilog, hindi na nito mailalagos ang tubig-ulan at maaaring magkaroon.

Pagbaha (pagbaha ng external na tubig)
Kapag tumaas ang antas ng tubig sa ilog dulot ng malakas na pag-ulan at lumagpas at umapaw na ito sa dike, kapag tumaas ang antas ng tubig sa ilog dulot ng malakas na pag-ulan, maaaring umapaw ang tubig sa dike, o lumagpas ang lupa at buhangin ng dike at gumuho.



Horizontal na Paglikas (pag-alis sa bahay para lumikas) at Vertical na Paglikas

Importante ang maagang paglikas sa sakuna. Gayunpaman, hangga't maaari ay iwasan ang sapilitang paglikas kapag nasa sitwasyong may pangamba ng panganib tulad ng pag-apaw ng tubig sa ruta ng paglikas. Sa ganitong pagkakataaon, kahit na may kautusan tulad ng paglikas ng nakatatanda at utos sa paglisan, kailangan ang pag-desisyon hindi lamang sa paglikas sa evacuation site(Horizontal na Paglikas) kung hindi pati na rin sa paglikas sa mataas na lugar (Vertical na Paglikas) tulad ng pag-akyat sa karatig na mataas na gusali o ika-2 palapag ng bahay. Bukod pa rito, kailangan din ang paglikas sa kabilang dulo mula sa bundok kapag indoor sa lugar.

Mapanganib na paglikas

Lumisan mula sa mapanganib na lugar (Horizontal na Paglikas)



Lumikas sa mataas na lugar (Vertical na Paglikas)

Mga lugar na kailangan ng maagang displacement evacuation

Isagawa ang maagang displacement evacuation sa mga sumusunod na lugar:

- **Lugar kung saan ang pag-apaw ay 3.0m o higit pa**
  * Lugar kung saan ang pag-apaw ay 0.5m lapag ang gusali ay may isang palapag lang.
- **Lugar na may panganib na masira ang bahay kapag nagbaha**
  (Pagguho ng bahay sa lugar kung saan inaasahan ang pagbaha)

Sa lugar na malapit sa ilog, may panganib na masira ang bahay kapag gumuho ang pangpang dahil sa agos ng ilog (pagbaha at erosion ng riverbank). Bigyang-pansin ang impormasyon sa paglikas mula sa lungsod at lumikas kaagad

Lugar kung saan inaasahan ang pag-apaw at mapa kung saan ipinagpapalagay ang pag-apaw sa bawat ilog

Yahagi River



Yahagifurukawa River, Koda River, Sumi River, Ando River



Chosen River



Yazaki River



Kitahama River, Ninosawa River



Otogawa River



Toba River / Yawata River



Leyendo
Nakikinitang pinakamalalim na aabutin ng pag-apaw na baha
- 10.0 m o higit pa
- 5.0 - 10.0 m
- 3.0 - 5.0 m
- 1.0 - 3.0 m
- 0.5 - 1.0 m
- 0.3 - 0.5 m
- Mas mababa pa sa 0.3 m
- Hangganan ng Siyudad
- Pang-emergency na Ruta ng Sasakyan

N W E S